

Ang Mga Dapat Malaman ng  
Bagong Mamamayan Ukol Sa

## Katayuan ng Paninirahan ayon sa Imigrasyon

Ang kasulatang ito ay nagbibigay ng kaalaman ukol sa mga paraan ng imigrasyon sa Canada, karapatan at pananagutan ng bagong mamamayan.

Maaari din tawagan ang sumusunod na numero: **1 800 665 9779** o **455 3135** para sa walang bayad na mga kasagutan. Ito rin and numerong tatawagan kung nagangailangan ng abogado.

Mabibigyan ka ng walang bayad na tagapagsalin ng wika kung ikaw ay nadakip ng pulis o kailangang humarap sa hukuman.

Kung nais lamang na pakinggan ang mensahe sa telepono tungkol sa tanging paksa na gustong itanong tumawag sa: “Dia-a-Law” numero **420-1888**

Ang klinika sa Halifax, Nova Scotia ukol sa mga takas ng bansa (Halifax Refugee Clinic) ay nagbibigay ng mga payong makakatulong sa kasong pambatas. Ang adres ay: 1581 Grafton Street, Halifax, Nova Scotia. Ang telepono: **902 422 6736**.  
<http://halifaxrefugeeclinic.org>

Mataas na Samahan Ukol sa Imigrasyon at Takas sa Ibang Bansa: [www.irb-cisr.gc.ca](http://www.irb-cisr.gc.ca)

Bisitahin ang “Canada Border Services Agency” upang malaman ang maaaring ipasok na dalahin sa Canada: [www.beaware.gc.ca/english/toce.shtml](http://www.beaware.gc.ca/english/toce.shtml)

Kailangan ng abogado? Tumawag sa **1 800 665 9779** o **455 3135**. Makipagpulong ng kalahating oras sa abogado sa halagang \$30 + HST. Ang abogado ay makapgbibigay ng mahalagang kasagutan sa mga katanungan.

*May mga batas at regulasyon ang bansa ng Canada na nababago. Mahalagang kumausap ng abogado o siyasatin sa “Citizenship and Immigration Canada” kung mayroong pagbabago sa batas bukod sa nakaulat sa dokumentong ito.*

*Ang polyetong ito ay naglalahad ng karaniwang batas sa Canada at hindi sinasakop ang tunay na payo ng abogado.*

**LEGAL Information**  
SOCIETY OF NOVA SCOTIA

5523 B Young Street  
Halifax, Nova Scotia  
Canada B3K 1Z7

**NOVA SCOTIA**

Nilikha sa tulong nang  
Probinsya ng Nova Scotia  
March 2012

### ● Kami ay pansamantalang naninirahan (temporary resident), subalit ang aming anak ay ipinanganak sa Canada. Mababago ba ang aming katayuan bilang naninirahan sa Canada?

Hindi. Kung ang magulang ay pansamantalang naninirahan, ang bago nilang silang na anak ay nakatalaga bilang tunay na mamamayan ng Canada subalit, ang magulang ay hindi mababago ang katayuan na pansamantalang naninirahan.

Bisitahin ang mga karagdagang impormasyon sa “website” ng “Citizenship and Immigration Canada”: [www.cic.gc.ca](http://www.cic.gc.ca)

- pagisponsor ng kamag-anak: [www.cic.gc.ca/english/immigrate/sponsor/index.asp](http://www.cic.gc.ca/english/immigrate/sponsor/index.asp)
- karapatan at responsibilidad: [www.cic.gc.ca/english/newcomers/about-pr.asp#\\_can](http://www.cic.gc.ca/english/newcomers/about-pr.asp#_can)
- takas sa ibang bansa: [www.cic.gc.ca/english/refugees/inside/apply-who.asp](http://www.cic.gc.ca/english/refugees/inside/apply-who.asp)
- pirmihang naninirahan (permanent resident): [www.cic.gc.ca/english/immigrate/index.asp](http://www.cic.gc.ca/english/immigrate/index.asp)
- tagasuri ng imigrasyon: [www.cic.gc.ca/English/information/representatives/faq.asp](http://www.cic.gc.ca/English/information/representatives/faq.asp)
- upang maging tunay na mamamayan ng Canada; [www.cic.gc.ca/english/citizenship/become-eligibility.asp#time](http://www.cic.gc.ca/english/citizenship/become-eligibility.asp#time)
- hindi tinatanggap bilang pirmihang naninirahan: [www.cic.gc.ca/english/information.inadmissibility/who.asp](http://www.cic.gc.ca/english/information.inadmissibility/who.asp)
- samahan ng imigrasyon at takas sa ibang bansa: [www.irb-cisr.gc.ca](http://www.irb-cisr.gc.ca)

Pagtanggap sa Palatuntunang Halal ng Probinsiya (Provincial Nominee Program) [www.novascotiainmigration.ca/immigration/immigrating-to-ns](http://www.novascotiainmigration.ca/immigration/immigrating-to-ns)

Simulang maghanap sa inilalahad ng “LISNS online lgal information”. Matatagpuan ang maraming paksa ukol sa batas ang: [www.legalinfo.org](http://www.legalinfo.org)

### ● Ako ay nahintulutang maging kabilang ng Palatuntunang Halal ng Nova Scotia (Nova Scotia Nominee Program). Ano ang aking katayuan at uri sa imigrasyon?

Natapusan mo ang una sa dalawang hakbang upang ikaw ay mahirang na maging pirmihang mamamayan (permanent resident) ng Canada. Sa sandaling ikaw ay nahalal sa palatuntunan, asikasuhin at lakarin ang mga pangangailangan upang maibigay sa iyo ang katayuan na pirmihang naninirahan sa Canada. Ang pamahalaan ng Canada lamang ang makapgbibigay sa iyo ng ganitong katayuan.

### ● Maaari ba akong mag-isponsor ng isang miyembro ng aking pamilya para makarating sa Canada?

Ang may kategorya na pirmihang naninirahan (Permanent resident) ay maaring mag-isponsor ng kamag-anak sa ilalim ng kategoryang “Family class” o uring pampamilya. Ang sinasabing uring pampamilya ay ang mga sumusunod:

- Asawa o hindi kasal na kinakasama sa buhay
- Mga anak na ang gulang ay wala pang dalawampung dalawang (22) taon at walang asawa o kinakasama. Kung minsan, ang anak na gulang 22 taon ay maaring maisponsor.

Ang mga paksa ukol sa uring pampamilya (family class) ay nakalahad sa “website” ng “Citizenship and Immigration Canada”. Ang mga “website” ay nakaulat sa katapusan ng pahina.

Ang mga hindi hinihintulutang dumayo sa Canada ay tinatawag na “inadmissible” o bawal tanggapin. Alamin sa “website” ng “Citizenship and Immigration Canada” ang dahilan kung sino ang walang hintulot dumayo sa Canada.

Sa pagisponsor ng kamag-anak, ikaw ay dapat magpakita ng katibayan na kaya mo silang buhayin sa loob ng tatlo hanggang sampung taon. Dapat ring mapatibayan na mayroon kang sapat na salapi upang makaisponsor.

**LEGAL Information**  
SOCIETY OF NOVA SCOTIA

Taon-taon, ang Canada ay lubos na nagtatangkilik ng mga bagong mamamayan sa pamamagitan ng sanggunian ayon sa imigrasyon.

Ang mga bagong mamamayan ay nagbibigay ng malaking tulong sa kayamanan ng ibat ibang kultura, at magandang kabuhayan ng bawat isa sa Canada.

Ang batas at tuntunin ng Canada ay masalimuot. Sa dahilang ito, ang bagong mamamayan at mga taong gustong makatulong ay maaring mahirapan uriin ang tamang palakad upang manirahan sa Canada.

Ayon sa Saligang Batas ng Canada, ang imigrasyon ay bahaginan ng pambansang pamahalaan ng Canada (federal), ng mga probinsiya (provinces) at ng mga teritoryo (territories) nito. Pananagutan ng pambansang pamahalaan ng Canada ang paglikha ng mga tuntunin at pag-uuri sa pagpili ng mga humihiling na maging mamamayan. Ito rin ang may karapatan na pumayag o` tumanggi sa sinumang magnais manatili sa Canada.

Ang pamahalaan ng mga probinsiya at teritoryo ng Canada ang gumagampan sa “Provincial Nominee Program” o` Palatuntunang Halal ng Probinsiya”. Sila ang may karapatang pumili at magbigay ng pahintulot sa mga nagnanais maging pirmihang mamamayan (Permanent resident). Ang pagpili ng ganitong uri na mamamayan ay nakabatay sa tiyak na kakayahang makapbigay ng gawaing panghanapbuhay.

### ● **Marami bang uri ang pangdarayuhan?**

Oo, narito ang halimbawa ng ibat ibang kategorya:

Ang **pirmihang naninirahan (Permanent resident)** ay mamamayan na nakatanggap ng kaniyang pirmihang pagtira matapos magampanan ang kinakailangang tuntunin, ikaw ay makakatanggap ng tarheta o` kard na galing sa departamento ng “Citizenship and Immigration Canada” na nagsasabing Pirmihang naninirahan (Permanent resident). Ang tarheta ay maaaring ipabago tuwing ika-limang taon. Sa ilalim ng “Immigration and Refugee Protection Act” o` batas para sapangangalaga ng mandarayuhan at takas sa ibang bansa, ang pirmihang naninirahan

(permanent resident) ay may karapatang pumasok at manatili ng Canada. Ang natanggap na tarhetang pang pirmihang naninirahan (permanent resident) ay dapat na nasa iyong pagaari kailan man. Kailangan ito sa tuwinang sasakay sa eroplano, barko, bus o` anumang sasakyan upang makapasok at lumabas ng Canada. Ang pirmihang naninirahan ay kailangang sumunod sa tungkulin ng paninirahan. Ang mga tungkulin ay ipinapaliwanag sa ulat batas ng imigrasyon at pangangalaga ng takas sa ibang bansa (Immigration and Refugee Protection Act). Sa iba pang katanungan, basahin sa huling pahina ang mga nakatalang “website” ukol; sa alituntunin ng paninirahan.

Ang **pansamantalang naninirahan (Temporary resident)** ay mamamayan na pinayagang pumasok pansamantala sa Canada na may takdang araw na pag-alis. Mga istudyante, turista, bisita, at pansamantalang mangagawa galing sa ibang bansa ay ilan sa mga halimbawa. Limitado ang pribilehiyo at karapatan ng pansamantalang naninirahan (temporary resident). Wala silang karapatang mamalagi sa Canada kung lumampas ang taning na dapat nilang ipanirahan. Maari lamang tumigil sa Canada ang mga pansamantalng naninirahan kung natanggap na ang pagka-pirmihang mamamayan (permanent resident) o` katibayan ng pagka-tunay na mamamayan (citizen).

Ang mga **takas sa ibang bansa at mga taong nangangailangan ng alaga (Refugees and persons needing protection)** ay mga taong nasa loob o` labas ng Canada na nangangambang umuwi sa sariling bansa sa dahilang tinanggap na panganib at pang- aapi. Sa pagtaguyod ng katauhang tradisyon at tungkulin sa lahat ng bansa, ang Canada ay naglalaan ng kalinga sa mga nangangailangan taon-taon. Ang takas sa ibang bansa o` taong kinakalinga ng Canada ay maaaring mabigyan ng pirmihang paninirahan (permanent resident) at tarhetang(card) katibayan ng kanyang katayuan sa bansa. Sa Canada, ang “Immigration and Refugee Board” ay siyang nagpapasiya kung ang isang tao ay tunay na takas sa ibang bansa (refugee) o` taong nangangailangan ng kalinga. Ang taong humiling ng kalinga o` takas sa ibang bansa ay hindi pansamantalang mamamayan (temporary resident) ng Canada

### ● **Kinakailangan ko bang kumuha ng abogado o` tagasuri ng imigrasyon bago makadayo ng Canada?**

Hindi kinakailangan kumuha ng abogado o` tagasuri para makadayo sa Canada. Walang bayad ang mga dokumento at impormasyon na ibinibigay ng departamento. Libreng ibinibigay ng departamento ng “Citizenship and Immigration Canada” (CIC) ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang naka rehistro lamang sa kabuuan ng regulasyon ng Canada ang may karapatang magpabayad sa pagaasikaso sa mga papeles ng gustong dumayo sa Canada. Alamin ang iba pang bagay tungkol sa paksang ito. Bisitahin ang mga nakalistang website sa katapusang pahina.

### ● **Ano ang aking mga karapatan bilang pirmihang naninirahan?**

Ang karapatan ng pirmihang naninirahan ay maraming tulad sa karapatan ng mga isinilang sa Canada. Halimbawa ng mga karapatan:

- tumanggap ng tulong pangmamamayan tulad ng pagaalaga sa kalusugan
- manirahan at maghanapbuhay sa lahat ng pook sa Canada
- hindi tatanggihan dahil sa lahi, kulay, pananampalataya, kasarian, katandaan at
- kakulangan ng katawan
- karapatan sa ano mang pananmpalataya

Mayroon ka ring karapatan na maging tunay na mamamayan kung matapusan ang mga tuntunin na hinihiling ng pamahalaan. Upang maging tunay na mamamayan ng Canada (Canadian citizen), ang tao na may sapat na gulang ay dapat nakapanirahan sa Canada ng hindi kukulangin sa tatlong taon (1,095 araw), at sa loob ng nakaraan na apat na taon. Ang mga anak na wala pang labing-walong (18) taon ay hindi kinakailangang sundin ang nasabing alituntunin.

Maaaring simulan bilangin ang araw o` taon ng pagtigil sa Canada pamula noong hindi pa nakakamit ang katayuang pirmihang mamamayan (permanent resident) at kung ang bilang na ito ay nasa loob ng apat na taon. Gamitin ang kalkulator (Citizenship calculator) upang malaman kung sapat na ang bilang ng araw o` taon upang maging mamamayan.

Ang koneksiyon sa “CIC website” at sa kalkulator, at sa iba pangkaalaman ukol sa pagkamit ng katayuang tunay na mamamayan sa Canada (Canadian Citizenship) ay nakaulat sa huling pahina.

Ang pirmihang naninirahan sa Canada ay walang karapatan sa ilang bagay tulad ng:

- Bumoto o` tumakbo sa anumang partido ng politika
- Magsilbi sa panghukumang lupon
- Sumali sa “Canadian Armed Forces”
- Magkaroon ng hanapbuhay na kinakailangan ang mahigpit na kasiguruhan.
- Manatili sa Canada kung ikaw ay nahatulan ng malaking pagkakasala sa batas at inutusang umalis sa bansa

### ● **Mayroon ba akong pahintulot na maglakbay sa ibang bansa bilang pirmihang naninirahan ng Canada?**

Oo, subalit dapat nasa iyong pag-aari ang mga kinakailangang papeles bago maglakbay. Karamihan ng mga bansa ay nangangailangan ng papeles ng pagbisita (visitor) o` bisa na walang kaugnayan sa pag-imigrasyon. Siyasatin sa naturang bansa na iyong bibisitahin ang mga pangangailangan ukol sa bisa. Makabubuti na ihanda ang mga kailangang dokumento bago maglakbay. Kung ang bansa na iyong paglalakbayan ay may kasunduan ukol sa bisa, maaring hindi mo kailanganin ang bisa. Subalit kakailanganin mo ang pasaporte na galing sa sarili mong bansa.

Kailangan din ang katibayan na ikaw ay tunay na mamamayan ng sarili mong Bansa. Ang miyembro ng iyong pamilya na kasama sa paglalakbay ay dapat ding paghandaan ang mga pangangailangang dokumento. Sa iyong pagbalik sa Canada galing sa paglalakbay, ilahad sa kinauukulan ang mga katibayan at dokumento na ikaw, at mga miyembro ng iyong pamilya, ay pirmihang naninirahan sa Canada. Sa iyong katayuan bilang pirmihang naninirahan sa Canada (permanent resident), dapat mong maunawaan na ang dadalhin mong pasaporte sa paglalakbay ay galing sa sarili mong bansa upang makamit ang kinakailangang bisa ng iyong pagbisita ayon sa kasunduan ng sarili mong bansa at hindi ayon sa kasunduan ng Canada.